

Aralin para sa Hunyo 7

Deborah at Barak

Pangunahing Talata: "At si Deborah, isang propetisang babae, asawa ni Lapidoth, ang humatol sa Israel noong panahong iyon. At siya'y nanahan sa ilalim ng punong palma ni Deborah sa pagitan ng Rama at Bethel sa bundok ng Ephraim: at ang mga anak ng Israel ay pumunta sa kaniya para humatol."

Mga Hukom 4:4,5

***Piniling mga Kasulatan:
Hukom 4:1-24; 5:1-3***

Matapos masiyahan sa walumpung taong kapanahunan ng kapayapaan at pagpapala, dumating sa Israel ang pag-uusig ng mga Cananeo sa pamamagitan ni Haring Jabin at ng kanyang kapitan na si Sisera dahil sa kanilang kawalang-katapatan. Sa probidensya ng Diyos, gayunpaman, itinaas ang isang maka-Diyos na babae sa posisyon ng pamumuno. Siya si Deborah, isang propetisang hukom ng Israel.

Hiniling ang payo ni Deborah habang nakaupo siya "sa ilalim ng punong palma," gaya ng nakasaad sa ating Mga Pangunahing Bersikulo. Siya ay isang babae na may napakalaking karunungan, integridad, at tapang. Matapos suriin ang kalunus-lunus na kalagayan ng Israel, hinanap ni Deborah ang mandirigmang si Barak. Sinabi niya sa kaniya, "Hindi ba't inutusan ka ng Panginoong Diyos ng Israel, na sinasabi, Pumunta ka at lumusong patungo sa

bundok Tabor, at samahan mo ng sampung libong lalaki mula sa mga anak ni Neftali at mula sa mga anak ni Zabulon? At ako'y hihila sa iyo ... ni Sisera, ang kapitan ng hukbo ni Jabin, kasama ang kaniyang mga karwahe at ang kaniyang pulutong; at ibibigay ko siya sa iyong kamay." Hukom 4:6,7

Narinig na ni Barak ang mensaheng ito dati ngunit nabigo siyang kumilos. Ngayon, sa pamamagitan ng paghihikayat ni Deborah, panahon na para kumilos. Nag-aatubili pa rin si Barak, kahit na ang salita ng Panginoon ay dapat sana'y sapat na upang pasiglahin ang kanyang pananampalataya at palakasin ang kanyang pamumuno. Sinabi niya kay Deborah, "Kung sasama ka sa akin, pupunta ako; ngunit kung hindi ka sasama sa akin, hindi ako pupunta." (Hukom 4:8). Ipinakita ng pag-aatubili ni Barak ang kahinaan ng kanyang pananampalataya. Ipinahayag ni Deborah na sasama siya kay Barak, ngunit ang magiging tagumpay at karangalan ay hindi lubos na magiging kaniya. Sinabi niya, "Tiyak na sasama ako sa iyo: subalit ang paglalakbay na gagawin mo ay hindi magiging para sa iyong karangalan; sapagkat ibebenta ng Panginoon si Sisera sa kamay ng isang babae." Hukom 4:9

Ang labanan laban kay Sisera, ang kanyang hukbo at siyam na raang karwahe ay isang ganap na pagkatalo. Ibinigay sila ng Diyos sa mga kamay ni Barak gaya ng ipinangako Niya. Iniwan ni Sisera ang kanyang karwahe at sinubukang tumakas nang naglalakad. Inayos ng Panginoon na may isa pang matapang na babae ng Israel na naghihintay sa kanya. Si Jael, ang asawa ni Heber, ay inimbitahan si Sisera, na ngayon ay isang takas, na magtago sa kanyang tolda. Binigyan niya siya ng gatas na inumin

at pagkatapos ay tinakpan siya. Mga Hukom 4:13-19. Pagod sa labanan, nakatulog nang malalim si Sisera. Matatag na hinawakan ni Jael ang isang tansikang pang-tolda sa isang kamay at isang martilyo sa kabila. Pumasok siya sa tolda kung saan natutulog ang kaaway at maniniil ng Israel at itinarak ang tansika sa kaniyang noo at sa lupa. (Hukom 4:21,22). Naging ganap na ang tagumpay ng Israel, at gaya ng ipinropesiya ni Deborah, si Sisera ay bumagsak sa "kamay ng isang babae."

Ipinapakita nina Deborah at Barak sa atin ang mahahalagang aral mula sa dalawang magkaibang pananaw. Kapag inuutusan tayo ng Diyos, dapat tayong maging mabilis sa pagsunod. Si Deborah ay tapat at matatag sa kanyang determinasyong gawin ang kalooban ng Diyos. Tinatanggap niya ang isang dakilang biyaya at naging huwaran ng pananampalataya sa Salita ng Diyos. Ipinapakita naman sa karanasan ni Barak na kaya tayong bigyan ng Diyos ng tagumpay kahit mahina ang ating pananampalataya. "Salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo." 1 Corinto 15:57